

1

“Ate!”

Tumitiling sumalubong kay Samantha ang tatlumpung taong gulang niyang kasama sa bahay na iyon, si Eloisa. Kagagaling niya lang noon sa opisina.

“O, ano’ng problema?” untag niya matapos maibaba ang gamit sa sofa.

“Wala naman, Ate...” Hindi niya malaman kung kinikilig ba ito o nanginginig lang.

Inignora lang iyon ng dalaga, saka muling binitbit ang bag at nagsimulang humakbang patungo sa hagdanan. “Hay naku, akala ko naman kung ano na ang nangyari sa ’yo...”

“Teka lang, Ate...” habol nito, “may ibabalita ako sa ’yo kaya nae-excite ako.”

Buong pasensyang muling humarap si Samantha. Kilala na kasi niya ang babae. Hindi ito papayag na hindi maikuwento ang anumang gusto nitong sabihin. Halos pitong taon na silang magkasama.

Pitong taon. Simula iyon noong lisanin niya ang Ilocos at piniling manirahan sa Maynila. Si Eloisa

na ang nakasama niya sa loob ng ganoon kahabang panahon.

Anak ito ng isa sa mga katiwala nila sa *Hacienda Alonzo* at sumama sa kanya sa pagluwas niya. Hindi kailanman itinuring ni Samantha na iba ang babae sa kanya. Para na niya itong nakatatandang kapatid dahil limang taon ang tanda nito sa kanya. Ngunit dahil nahihiya pa rin ito sa kanya, kahit ipahintulot niyang tawagin na lang siya nitong ‘Sam’, mapilit pa rin ito na tawagin siyang ‘Ate’.

“Okay. At ano nama’ng balita ’yan, aber?” nakangiti niyang sambit.

“May bago tayong kapitbahay, at ang guwapo, Ate!” Hindi na napigilan ni Eloisa ang mapalundag sa sobrang kilig habang sinasabi iyon.

Napangiti si Sam sa tinuran ng babae. Tama nga ang kutob niya. Love life na naman ng babae ang ibabalita nito. Halos kabisado na nga niya ang buhay pag-ibig ni Eloisa.

“Kanina lang siya lumipat sa katapat nating bahay. Ayon sa source ko, matagal na raw nabili ng amo nila ’yung property sa kabila, pero bigla na lang daw naisipan na lumipat ngayon. Siya lang mag-isa ang nakatira kasama ng isa niyang cook at isang

katiwala.”

“At sino naman ang source mo?”

Tila nahihiyang pinagdaop ng kasambahay ang mga palad. “Yung cook, Ate.”

Napangiti si Samantha kasabay ng pag-iling. “Aba, at best friends na kaagad kayo ng cook?”

“Slight lang, Ate,” nahihiya nitong turan.

“So, type mo ’yung bago nating kapitbahay? Crush mo?”

Napangiwi ang babae sa tanong niyang iyon. “Hay, naku, Ate! Crush lang, dahil kayo talaga ang bagay ng *papa-ble* na ’yun.”

Napailing siya sa sinagot nito. Parang alam na niya ang ipinupunto ng kausap. Paano ay dati na siyang nai-set-up ni Eloisa sa mga blind dates pero lahat ay pumalpak. Pati ang mga lalaking sine-set-up nito sa kanya ay palpak.

“At bakit naman ako nasama diyan?” reklamo niya at saka nagsimula na uling akyatin ang hagdanan ng bahay.

“Puwera biro, Ate. Kayo talaga ang bagay n’un.” Sumunod ito sa kanya.

“At paano mo naman nasabi iyon, hmm?” tanong ni Sam nang makarating sa tapat ng pinto ng kuwarto niya.

“Lawyer ’yung bago nating neighbor at saka twenty-nine lang. Matanda siya sa ’yo ng apat na taon. At ang sabi sa akin ng cook niya, single daw at walang girlfriend. O, di ba, bagay kayo?”

Napailing si Sam sa sinabing iyon ni Eloisa. “Walang girlfriend at single?”

Masugid na tango lang ang itinugon ng kasambahay na tila nabuhayan ng loob sa inakala nitong biglang interes niya sa lalaki.

“Guwapo at macho, sabi mo?” tanong muli niya.

“Oo, Ate!”

Isang pilyang ngiti ang sumilay sa mga labi ni Sam habang binubuksan ang pinto ng sarili niyang silid. Nang mabuksan iyon ay saka muling humarap kay Eloisa, “Come to think of it. Sabi mo macho, guwapo, single at higit sa lahat, walang girlfriend.” Tumangu-tango ito. “Hindi kaya... bading ’yun?” Pumasok na siya nang tuluyan sa kuwarto niya.

Hindi na niya nakita na naiwang napipilan ang babae. Hindi nito naisip ang posibilidad na ‘bading’

ang hinahangaan nitong lalaki.

Hindi sukat akalain ni Duke na magiging ganoon lang kadali ang paghahanap sa unica hija ng matandang Alonzo.

Ilang taon na niyang pag-aari ang house and lot na tinitirhan niya ngayon. Nang mabili niya ang lupa at mapatayuan ng kanyang dream house, hindi siya kaagad lumipat doon. But he got tired of living alone in his bachelor's pad. Kung kaya nagdesisyon siyang mag-stay na lang sa ibang lugar. Ipinaayos niya ang bahay matapos makapagdesisyon at saka ibinenta ang condo unit niya.

Isang linggo matapos siyang lumipat sa subdivision na iyon ay saka lamang niya nalamang kapitbahay niya lang pala ang babae. Namataan niya ito na nasa terrace nito, looking serene while enjoying the morning sun. At mukhang kagigising lang noon ni Sam. Hindi siya makapaniwalang abot-kamay niya lang ang babae. Noong una, inisip pa nga niyang baka nananaginip lang siya o kaya ay nag-ha-hallucinate. Pero totoo ang lahat. And hope suddenly sprung in his heart, seeing her after seven years.

Pinalampas niya lang muna ang pagkakataong

iyon at pinagsawa ang paningin sa babaeng matagal na ring hindi niya nakita.

Pinadali niyon ang mga bagay-bagay para sa kanya. Yes, hindi na niya kailangan pang halughugin ang Kamaynilaan para lang hanapin ito. He had found her! Ang tanging kailangan niya na lamang ay kumbinsihin ang babae na muling magbalik sa hacienda. Pero ang hindi niya alam ay kung paano nito tatanggapin ang paghaharap nilang iyon. Hindi niya rin alam kung makukumbinsi niya ito na muling magbalik sa kung saan ito nararapat.

Bukod pa roon, naghahabol din si Duke ng oras. Kailangan din siya sa *Hacienda Alonzo* anuman ang maging resulta ng paghaharap nila ni Samantha.

“Sam...” wala sa sariling banggit niya sa pangalan ng babae. Patawid siya noon sa kabilang bahay at desididong isagawa ang kanyang first move. Nang tumapat siya sa gate, hindi na siya nag-atubili pang tumimbre sa doorbell.

Eksakto naman ang pagtimbre niya sa paglabas ni Samantha. Pero mukhang may lakad ito dahil dumerecho ang babae sa garahe. Kasunod nito ang anak ng katiwala sa hacienda na si Eloisa na siyang nagbukas ng pinto para sa kanya.

“S-Sir...” hindi makapaniwalang sambit ng babae nang mapagsino ang bisita. Tila ito nataranta.

Matamis na ngumiti si Duke dahilang upang lalong kiligin ang kaharap. “I need to talk to Samantha.”

“Kilala n’yo si Ate?” di-makapaniwalang sambit ng kasambahay ng dalaga.

“Eloisa, sino ’yan?” anang pakay niya na nasa di-kalayuan lang at inaayos ang gamit sa kotse.

“Yup, I know her,” aniya sa maid.

Walang pasubaling binuksan ni Eloisa ang pinto at walang anumang tanong na pinapasok siya. Naroon ang excitement nito sa kaalamang kilala ng lalaki ang amo.

Dumerecho kaagad si Duke sa kinaroroonan ni Samatha habang nakasunod lang ang kasambahay sa kanya.

“Eloisa, sino’ng....” Hindi na naituloy ni Samatha ang iba pang sasabihin nang tumambad sa kanya ang lalaki..

“Duke. John Duke Allegro. I know you still remember me, Sam.” Pinagmasdan niya ang pagkagitla sa magandang mukha ng babae.

“Ate, siya ’yung bago nating kapitbahay. Aba, eh, kakilala ka naman pala,” singit ni Eloisa na hindi napansin ni Sam.

Hindi makapaniwala si Samantha sa nakita. Ngunit sa bilis ng tibok ng puso niya, hindi siya maaaring magkamali dahil kilalang-kilala niya ang taong kaharap.

“What are you doing here?” asik niya sa lalaki.

“We need to talk.”

“Talk about what? As far as I know, I don’t have any business to settle with you, Mr. Allegro. May importante akong lakad kaya puwede ka nang umuwi.” Hindi na hinintay pa ang sagot ng lalaki. Pumasok na siya sa loob ng sasakyan at sinimulang paandarin ang engine niyon.

Napahalukip si Duke. He stood directly in front of her car, totally blocking her exit. Walang gatol na nagbusina si Sam para paalisin ito sa paghandara sa dadaanan niya. Pero walang epekto iyon sa lalaki na nanatiling nakaharang sa kotse niya at nakahalukipkip.

Sa isang kubli ay nakamasid lang si Eloisa, pero

kinikilig ito sa eksenang pinapanood.

Si Samantha ang unang sumuko. Muli siyang lumabas ng kotse at hinarap ang lalaki.

“Nagmamadali ako, Mr. Allegro. Kaya nakikiusap ako na kung puwede ay umalis ka diyan sa daraanan ko kung ayaw mong masagasaan,” aniyang naiinis na.

Marahang lumapit sa kanya ang binata. Iyon lang naman ang hinihintay nito; ang lumabas siya sa sasakyan at kausapin ito. Alam ni Duke na mali ang pagkakataong napili niya para kausapin ang babae dahil maaaring may ibang appointment ito sa araw na iyon.

“You’re still the same stubborn woman I’ve known all my life,” anang lalaki. “We need to talk. I’ll be waiting for you...” anito at saka umalis sa daraanan ni Sam.

Umiling lang si Samantha sa sinabing iyon ni Duke. Wala siyang alam na dapat nilang pag-usapan ng lalaki. Kaya sa halip na sagutin ito ay muli siyang lumulan sa sasakyan at saka walang sabing pinaandar iyon.

Hindi makapaniwala si Duke habang

pinagmamasdan ang kabuuan ng bahay ni Samantha. Ayon kay Eloisa ay halos pitong taon nang doon ito nakatira kasama ng amo. Hanga siya sa simpleng pamumuhay na hinarap ni Sam; sa tapang ng babae na harapin ang buhay nang mag-isa at iwan ang karangyaang mayroon sa *Hacienda Alonzo* at sa pagsisikap nito sa sarili. At alam niyang napatunayan na ng babae na kaya nitong magtagumpay kahit wala ang yaman ng pamilya Alonzo.

Simple lang ang ayos ng bahay nito. Kunsabagay, dalawa lang naman sila ni Eloisa na nakatira roon. Simple lang din ang mga palamuti ng bahay.

“Saan ang punta ni Samantha?” baling ni Duke kay Eloisa na nakamasid sa kanya. Bago pa man ito nakasagot ay idinugtong na niya, “Wala naman siyang pasok sa opisina kapag Sabado, hindi ba?”

“Ay, wala, Sir,” anitong tila nahihiya.

“May boyfriend na ba ang Ate Sam mo?”

“Ay, wala, Sir. Wala,” todo-tanggi nito. “Ever since, eh, walang love life si Ate. Nadala ’ata sa first love niya kaya hayun, kahit kay daming nanliligaw sa kanya at nagpapadala ng bulaklak, eh, walang magustuhan.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Duke sa sinabi

nito. Hindi siya makapaniwalang hanggang ngayon ay hindi pa rin nakaka-recover ang dalaga sa una nitong pag-ibig. Si Wendell Udarbe.

“Kung gan’un, saan ang punta niya?”

“Tuwing Sabado kasi, nagpupunta sa *Sunrise Foundation* si Ate. Volunteer teacher siya sa mga batang adopted ng foundation. Pagkatapos niyon, dumederecho siya sa restaurant ng best friend niyang si Kyle. Magkasosyo sila sa negosyong iyon. Madalas ay doon ginugugol ni Ate ang oras niya.”

“Kyle?” ulit ni Duke na tila iniisip kung kilala ba niya ang binanggit nitong pangalan. Pero wala siyang maalala na may ganoong naging kaibigan ng babae noong nasa Ilocos pa ito. “Saan nakilala ng ate mo ang Kyle na ’yun?”

Wala itong kahina-hinala at panay lamang ang sagot sa mga tanong niya.

“N’ung college pa sila, doon nakilala ni Ate Sam si Kyle. Niligawan nga niya si Ate noon, kaya lang, sayang at kaibigan lang ang kayang iukol ni Ate sa kanya.”

Napatango lang si Duke sa impormasyong sinabi ni Eloisa. “Anong oras naman ang uwi niya?”

Unchanging Love - Dorothy Kim

“Kadalasan, hapon na siya nauuwi; mga alas cuarto o alas cinco. Pero minsan inaabot din siya ng gabi, mga alas siete....” Bigla itong natigilan. Noon yata naisip na hindi siya nito ganoon kakilala para magbigay kaagad ng mga impormasyon tungkol sa amo. “Sir, paano n’yo nakilala si Ate Sam?”

“We’re...” sandaling natigilan si Duke sa sasabihin, “... old friends.”

Napataas ang kilay ng kasambahay. May nahimigan ito na tila ba may nakaraan ang dalawa at ayaw lang ng kaharap na ipaalam.

Tumango lang ang binata at tumalikod na para lumabas ng garahe.

Nagulat pa si Eloisa nang muli siyang bumaling at nagsalita, “I’ll be back.”

2

Sinadya ni Duke na hintayin si Samantha nang araw ring iyon. Alas seis pa lang ng gabi ay naghihintay na siya sa tahanan ng babae. Gusto na nga niya itong tawagan. Subalit naging pagkakataon niya rin iyon para alamin mula kay Eloisa ang naging buhay ng dalaga nang mga panahong nagsisimula pa lang ito sa Maynila.

“Masikap at matiyaga si Ate,” kuwento ng kasambahay. Naging kampante at tiwala ito sa kanya mula noong malaman nitong taga-Ilocos din ang lalaki at anak ng may-ari ng *Hacienda Allegro* na malapit lang sa *Hacienda Alonzo*. “Nakayanan niyang magtiis at magsumikap nang mag-isa kaya bilib talaga ako sa kanya.”

Ilang saglit pa ay narinig na nila ang busina sa labas ng gate. Hudyat iyon ng pagdating ni Samantha. Muling sinipat ni Duke ang suot na relong pambisig. Alas ocho na noon ng gabi.

“Nandiyan na si Ate,” anunsyo ni Eloisa at saka nagmamadaling lumabas ng bahay upang pagbuksan ang dalaga ng gate. Nagpasya si Duke na huwag nang lumabas at doon na lang sa salas hintayin ang

bagong dating.

Gayon na lang ang pagkagitla ni Samantha nang bumungad sa kanya si Duke habang prenteng-prente ito sa pagkakaupo sa salas at nakahalukipkip. Hindi man lang siya inabisuhan ni Eloisa na may naghihintay sa kanya. Sandali siyang napahinto nang magtama ang paningin nila ng binata. Ngunit siya rin ang unang bumawi ng tingin at saka nagpakawala ng isang malalim na buntung-hininga. Saka siya nagpatuloy sa paglakad palayo sa kinaroroonan ng lalaki.

Si Duke ay napailing sa ginawi ng babae. Hindi niya hahayaang talikuran siya nito at mauwi sa wala ang halos dalawang oras na paghahintay niya rito. Mabilis siyang tumayo at humabol kay Samantha na paakyat na ng hagdanan. Nang maabutan niya ito ay mabilis siyang humarang sa daraanan nito. Pansumandali silang halos nagpatintero sa mismong hagdanan. Si Duke, habang hinaharang sa pagdaan ang babae at si Samantha, habang patuloy sa pagpupumilit na makaraan.

Inis na huminto sa pagpupumilit ang dalaga at hinarap ang lalaki. “Malabo ba ang pandinig mo, Mr. Allegro? Sinabi ko na sa ’yo kanina na wala tayong dapat pag-usapan.”

“Meron, Sam. And you have no choice but to hear me out,” naghahamon nitong sabi. “Kung kinakailangan kitang itali para pakinggan mo lang ako, hindi ako magdadalawang-isip na gawin ‘yun.’”

“All right, let’s get this over and done with. Sabihin mo na ang gusto mong sabihin para matapos na ‘to!” inis na singhal niya kasabay ng padabog na paglapag ng gamit sa lapag at humalukipkip upang maghandang makinig sa lalaki.

Napailing si Duke; hindi yata makapaniwala sa ginawi niya. At hindi niya inaasahan ang sunod na ginawa nito. Mabilis siya nitong kinarga sa balikat at saka nagpatuloy sa pag-akyat sa hagdanan.

“Stop it, Duke! Ibaba mo ’ko kung hindi sisigaw ako! Put me down!” ani Samantha habang sinusuntok ang likuran ng lalaki na abot ng kanyang kamay.

Kinikilig naman si Eloisa na nakasunod lang ang tingin sa dalawa. Kampante na ito kay Duke matapos itong makakuwentuhan habang hinihintay si Sam kanina, at malaman ang kaugnayan nito sa babae at sa pamilya nito. Nawala na ang anumang alalahanin nito ukol sa lalaking kapitbahay.

“You’re already shouting, honey,” nakangiting sambit ni Duke na naghahanap ng tamang lugar para

makapag-usap sila nito. “So, ito lang pala ang paraan para muli mo akong tawagin sa pangalan ko, at alisin ang pagiging pormal mo sa akin. What happened to my sweet Samantha?”

Natahimik siya dahil sa mga linyang binitiwang ng lalaki. Yes, she was once a sweet girl... seven years ago. Sweet din ito sa kanya noon, kaya nga hindi naging mahirap para sa kanya ang mahulog ang loob dito.

“This is perfect!” sambit ni Duke matapos buksan ang ikatlong pinto at bumungad ang animo library ng bahay na iyon.

Tila isang maliit na opisina iyon na may mga shelves na puno ng libro. Pero ang nakapukaw sa kanyang atensyon ay ang pagkakaroon nito ng terasa. Mula roon ay pumapasok ang malamig na simoy ng hangin na nakaka-relax.

“This is the perfect place for us to talk,” saad nito habang marahan siyang ibinababa mula pagkakakarga sa balikat nito.

Tahimik na inayos ni Sam ang nagulong buhok pati na ang damit na nagusot dahil sa pagkarga sa kanya ng lalaki. Nang makatapos ay saka niya ito hinarap. Ngunit nakatitig sa kanya ang binata

dahilan upang—sa hindi niya maintindihang rason—magrigodon nang mabilis ang puso niya. He was staring at her as if he was looking deeply into her soul, reaching out to her.

Nang sandaling iyon niya na-realize na marami na ngang nagbago sa paglipas ng halos pitong taon, pero may isang bagay na hindi pa rin nalilimot ng puso niya.

Marahang lumapit si Duke sa kanya ; tila siya natulos lang sa kinatatayuan niya. At habang palapit ito sa kanya ay pabilis naman nang pabilis ang pagkabog ng dibdib niya. Para siyang bumalik sa pagiging teenager na pati tuhod ay nangangatog.

Magkaharap na sila ngayon, at hindi niya maalis ang mga mata sa mukha nito. Para siyang namamagneto ng lalaki.

“I missed that sweet girl I’ve known,” anas nito na marahang hinaplos ang pisngi niya. “My sweet Samantha.” Gahibla na lamang ang layo nito sa kanya.

Pinili niya ang oras na iyon para basagin ang kung anong mahika sa pagitan nila. Marahan siyang umatras mula rito habang umiiling. “I’m not your sweet Samantha,” pahayag niya saka nanghihinang

napaupo sa sofa.

Matamang nakatingin lang sa kanya ang lalaki. Hindi niya mabasa kung anong emosyon iyong nakita niya sa mga mata nito.

Noon naman nila narinig ang pagtikhim ni Eloisa. She was just in time to interrupt the sudden tension building up between them.

“Excuse me, Ate,” anito na sumilip lang sa pinto. “Dinalan ko kayo ng mainit na kape.” Dahan-dahan itong pumasok at saka ibinaba ang dalang tray sa mesita, kung saan naroon ang dalawang tasa ng inumin.

“Thank you, Eloi,” sambit ni Duke na nang palabas na muli ang kasambahay. Muli itong pumormal at hinarap siya.

“Bumalik ka na sa hacienda,” panimula ni Duke matapos sumimsim ng mainit na kape. “They need you there.”

“So, inutusan ka ng daddy ko para hanapin ako at ibalik sa hacienda?”

Umiling ito bilang tugon pero hindi iyon nakita ni Samantha dahil sa labas ng terasa nakatuon ang paningin niya.

Masarap ang simoy ng hangin na nagmumula roon. Nakasusumpong siya ng kapayapaan ng isip. Madalas ay roon siya naglalagi kapag nalulungkot siya, kahit paano kasi ay gumagaan ang kanyang pakiramdam.

“At kung hindi ako sasama, ano naman ang gagawin mo, hmm?” patuloy ni Samantha na muling humarap sa lalaki. “Ano, itatali mo ’ko at saka bibitbitin mo uli para lang maiuwi ako sa Ilocos?”

Isang pilyong ngiti ang namuo sa mga labi ni Duke. “That’s a very good idea, Honey... pero, no, Samantha. Nagkakamali ka. Hindi ako inutusan ninuman, lalo na ng papa mo para hanapin ka at pauwiin. I came here on my own. Ako din ang may gustong umuwi ka sa inyo. They need you there, Sam. Your father is too weak. Hindi man siya nagsasalita, alam kong hinahanap ka niya at nananabik siya sa iyo.” Lumipat ito ng upuan upang maging katapat niya.

“Why are you doing this?”

“I am your father’s most trusted counselor. I am your family lawyer.”

Maang na napatingin siya sa lalaki. Hindi niya sukat akalaing susunod ito sa yapak ng ama na siyang

gobernador ng nasabing lalawigan.

“Then, you’re just wasting your time, Attorney,” pormal na sambit ni Samantha. “Hindi mo ako mapipilit na bumalik sa lugar na iyon. At bakit ganyan na lang kalaki ang concern mo na mapabalik ako sa hacienda, ha? Bakit, may porsyento ka ba kapag napabalik mo ako sa lugar na iyon?”

Matiim na tingin ang sumalubong kay Sam nang banggitin niya iyon.

“Alam mong sapat ang kayamanan namin at hindi ko kailangang magpaalipin kung kaninuman para lamang sa pera.” May kaunting galit sa tinig nito nang sambitin iyon. Pero mabilis din nitong pinawi ang bahagyang galit na namuo sa dibdib. “Your father needs you, Sam. May sakit siya at matagal nang nakaratay sa higaan. Isa pa, may kailangan kang ayusin sa hacienda. Mayroon kang kailangang itama sa mga nangyayari doon.”

Iling lang ang tanging naisagot ni Samantha rito.

Marahang nilapitan siya ni Duke at hinawakan sa magkabilang balikat. “Samantha...” banggit nito na bahagyang niyugyog ang balikat niya upang pukawin ang atensyon niya. “Kailangan mong bumalik sa *Hacienda Alonzo* para itama ang lahat

ng pagkakamali. I'm afraid you father's life is at risk dahil sa mga buwayang kamag-anak ng stepsister mo. Kailangan mong ipaglaban ang karapatan mo, Samantha."

"No," tugon niya habang derechong nakatingin sa mga mata ng lalaki. "Masaya na ako at kontento kung anuman ang mayroon ako. Dahil kung anuman ang meron ako ngayon, masasabi kong akin talaga dahil pinaghirapan ko. Hindi ako naghahabol sa kung anumang kayamanan ni Daddy."

"Seven years. Yeah, almost seven years na rin ang nakalipas, madali mo lang nasasabi 'yan, Samantha. Pero diyan sa kaibuturan ng loob mo, alam kong may hindi pa naghihilom na sugat ng nakaraan."

"Nagkakamali, ka, Attorney."

"I don't believe you, Sam."

"I am not asking you to believe me. Sinasayang mo lang ang oras mo, Atty. Allegro. Mabuti pa ay bumalik ka na sa Ilocos dahil wala kang maasahan sa akin."

Matigas ang tono niya, pero hindi patatalo ang binata.

"Hindi ako titigil hanggang makumbinsi kita na

bumalik sa kung saan ka nararapat.”

Isang malalim na buntung-hininga ang pinakawalan ni Duke nang makauwi sa bahay niya na katapat lang ng bahay ni Samantha. Kaagad siyang dumerecho sa library. Doon niya iginugol ang ilang minutong pag-iisip para makumbinsi ang dalaga na umuwi na sa kanila sa Ilocos.

Alam niya sa simula pa lang na mahihirapan siyang kumbinsihin ang babae lalo pa at natiis nito na hindi umuwi sa bayang sinilangan sa loob ng mahabang panahon.

Napangiti siya nang maalala ang nangyari kaninang umaga. Halatang-halata na nagulat ang dalaga nang makita siya. Alam niyang hindi nito inaasahan ang pagkikita nilang iyon. Ngunit may naramdaman siyang tuwa sa puso niya pagkakita rito pagkatapos ng pitong taon!

Nasa kalagitnaan siya ng pag-iisip nang tumunog ang kanyang cellphone. Mabilis niya iyong sinagot nang rumehistro ang numero ng isa sa mga katiwala na binilinan niyang mag-report sa kanya ng mga nangyayari sa hacienda habang wala siya roon.

“Mario, ano’ng balita?” bungad niya sa kabilang

lina.

“Sir, maayos naman ngayon dito. Pero katulad ng dati, umaasta na namang amo si Henrietta. At nagmamagaling naman si Miss Rachelle kasama ng tiyahin niya habang naglilibot sa buong hacienda.” Ang tinutukoy nitong Rachelle ay ang stepsister ni Samantha. Tiyahin nito si Henrietta.

“Si Don Andrade? Kumusta naman ang lagay ng matanda?”

“Walang pagbabago sa kondisyon niya,” anito na medyo naging mahina ang tinig.

“Okay, sige. Maraming salamat, Mario. Balitaan mo uli ako bukas tungkol sa mga nangyayari diyan habang wala ako.”

“Areglado, Boss!” sagot nito. “Eh, Sir, kumusta naman po ang paghahanap ninyo kay Ma’am Samantha? Nakita n’yo na po ba siya?”

Sandaling katahimikan ang pumagitna sa kanila bago tumugon si Duke. “Oo, Mario. Nakita ko na ang Ma’am Samantha n’yo.”

“Talaga, Sir?” May excitement sa tinig nito nang sabihin iyon. “Eh, kailan naman po kaya ang uwi niya?”

Unchanging Love - Dorothy Kim

“Hindi ko alam, Mario. Pero sana ay sa lalong madaling panahon. Kinukumbinsi ko pa siyang umuwi sa hacienda.”

“Naku, sana naman ay umuwi na si Ma’am. Sige po, Sir, ipagdarasal namin ni Dalisay na makauwi na kayo kasama si Ma’am Samantha sa lalong madaling panahon.”

“Salamat, Mario.” Nagpaalam na siya sa katiwala. At matapos ibaba ang telepono ay saka muling napaisip sa susunod na hakbang na gagawin.

3

Hindi pa rin dalawin ng antok si Samantha kahit pagod nang araw na iyon. Patuloy na bumabalik sa isipan niya ang tagpo kanina. Hindi niya inaasahan ang muling pagkikita nila ni Duke. Hindi niya inakalang ang pagkikitang iyon ang muling magpapaalala sa kanya ng kahapong akala niya ay matagal na niyang nakalimutan.

“Samantha, I want you to meet Duke Allegro,” pakilala ni Don Andrade sa kanya sa kasamang binatilyo ni Governor Mattias Allegro. “Siya ang bunsong anak ng Tito Mattias mo,” dugtong nito habang nakaakbay sa kanya.

Hindi kaila sa bayan ng Sta. Lucia ang pagkakalapit ng kanyang ama sa gobernador ng Ilocos. Matalik na magkaibigan ang dalawa at sa pagkakaalam niya ay nagsimula pa ang pagkakaibigang iyon noong mga bata pa ang mga ito at parehong nangangarap at bumubuo ng sariling pangalan sa kani-kanyang larangan: ang kanyang ama sa industriya ng pangangalakal, at ang gobernador naman sa larangan ng pulitika. Hindi kailanman nabahiran ng anumang sigalot ang pagkakaibigang iyon kaya hanggang sa

magkaasawa na ang dalawa ay naging patuloy pa rin ang pagkakaibigang nasimulan.

Madalas nasa hacienda nila ang gobernador ngunit iyon ang unang pagkakataong dinala nito ang pangalawang anak na si Duke sa hacienda. Kadalasan ay mag-isa lamang ito kapag pumupunta sa kanila.

She was just fifteen that time at iyon ang unang pagkikita nila ng lalaki. She was in awe upon meeting Duke in person. Noon niya napatunayan ang matagal nang pinagkukuwentuhan at kinakikiligan sa campus nila. Marami kasi sa mga kaklase niya ang may crush sa lalaki. Guwapo raw ito, matangkad, mabait. Umiiling lang siya kapag nakikitang kinikilig ang ibang kamag-aral habang pinagkukuwentuhan ito.

Siya man ay naging speechless pagkakita sa lalaki. Hindi niya alam kung bakit pagkakita pa lang dito ay gayon na lamang ang bilis ng pagsasal ng dibdib niya pati na ang pangangatog ng mga tuhod niya. Tama nga ang mga kamag-aral niya; hindi lang basta guwapo ang lalaki, napakaguwapo nito at napakakisig.

“Finally, nagkakilala rin tayo,” nakangiting sambit ni Duke na nagpalabas sa malalim nitong biloy sa kaliwang bahagi ng pisngi. Para siyang matutunaw nang mga oras na iyon dahil sa tinging iniuukol sa kanya ng lalaki. “Madalas na ikuwento ka sa akin ni

Papa. Now, I'm glad we've finally met."

"Really?" hindi makapaniwalang sambit ni Samantha.

"Yes, I've been telling him how beautiful and sweet you are," singit ni Mattias Allegro.

Biglang nag-blush si Samantha sa papuring iyon galing sa gobernador.

"Lagi ko ngang sinasabi sa anak ko na hindi ako tututol kung ikaw ang magiging manulang ko. Hindi ba, kumpadre?"

Tumango lang si Don Andrade sa sinabing iyon ng pulitiko, pero makahulugan ang ngiting nakabalatay sa mukha nito. Tanda iyon na gusto nito ang ideyang iyon.

Hindi na nakaimik si Samantha pagkarinig sa usapang iyon.

"Well, we'll inform you kapag nand'un na kami sa stage na 'yun," biglang sambit ni Duke na hindi niya mawari kung biro ba o totoo. Pero nagpalundag sa puso niya ang ideyang iyon.

Iyon ang naging pasimula ng lahat para sa kanilang dalawa—friendship and love. At least for her, sigurado siyang minahal na niya ito sa simula pa

lamang. Matanda ng apat na taon si Duke sa kanya. Fifteen years old siya habang nineteen na ito. She was in junior high school and Duke was a junior college student taking up B.S. Accountancy.

Naging madalas ang pagpunta ng binata sa kanila. Madalas itong sumama sa ama nito sa pagbisita sa hacienda. Kung minsan ay sinusundo pa siya ng lalaki pagkatapos ng klase at pagkatapos ay kumakain sila sa labas.

Alam niyang kinaiinggitan siya ng mga kaklase dahil doon. Pero sa kabila ng madalas na paglabas nila, hindi malinaw ang status ng relationship nila. Wala kasi silang pormal na ligawan at ni minsan, hindi nagtapat sa kanya ang lalaki. Ni hindi nito sinabi ang intensyon nito.

Kasabay ng pagtatapos niya sa high school ay ang pag-graduate naman ni Duke sa College. Kinailangan nitong lumuwas ng Maynila para mag-take ng CPA board exam at ipagpatuloy ang pangarap na maging abogado.

“I’m leaving...” paalam ni Duke nang minsang mag-dinner sila sa isang first class restaurant sa bayan, “...next week.”

“Next week?” hindi makapaniwalang ulit ni

Samantha. Hindi niya akalaing gayun kabilis itong aalis.

“Yes, next week.” Malalim na bumuntong-hininga. “Don’t worry, sweetie. I’ll call and text you everyday.” Pinisil pa nito ang pisngi niya na animo isa siyang nakababatang kapatid. Bahagya niya iyong ikinairita. Kung minsan nga ay naiisip niyang kapatid lang ang turing ng lalaki sa kanya porque wala ito niyon. Dalawang lalaki lang ang anak ng gobernador at si Duke ang bunso.

Parang gustong umiyak ni Samantha nang mga oras na iyon pero pinipigilan niya ang sarili. Wala siyang karapatang pigilan ang lalaki dahil pangarap nito ang bubunuin nito sa Maynila. Isa pa, sino ba naman siya sa buhay nito? Iyon nga lang, she would terribly miss him. Sanay na siya sa presence nito. Pakiramdam niya kasi ay secure siya kapag kasama ang binata.

Sweetie. Iyon ang madalas na itawag sa kanya ni Duke. And she would miss hearing that endearment from him.

“Will you wait for me?” anito na ginagap pa ang palad niya.

“O-of course,” ani Sam kahit hindi niya masyadong

naintindihan ang tanong ng lalaki.

“Good.” Kinuha nito ang isang paper bag sa ilalim ng upuan at iniabot sa kanya. “Open it.”

Gayon na lamang ang pagkagulat ni Samantha nang makita ang laman ng paper bag. Miniature version iyon ng isang magarang bahay na ang arkitektura ay pinaghalong modern at European.

Maang na napatingin siya sa lalaki. “This is great. Ang ganda!” bulalas niya. “Why are you giving me this? Is this your dream house?”

Sandaling nag-isip si Duke bago tumugon. “Hmm... yeah, you could say it’s my dream house. But it’s more than that. In time, Sam, you’ll know. For now, I want you to keep it.” Pagkatapos ay iniba na nito ang usapan.

Napakibit-balikat na lang si Sam. Pero iyon na ring gabi na iyon ang huling pagkikita nila ng lalaki. She was terribly sad and lonely noong umalis ang lalaki. They kept in touch every now and then. Pero higit na ikinalungkot niya nang dumalang ang komunikasyon nila ni Duke. Matagal din bago mag-reply ang binata sa mga texts at emails niya at kung minsan ay hindi niya ito ma-contact sa telepono. Noong una ay inisip niya na lamang na abala ito sa Maynila dahil sa sabay

na pag-aaral ng abogasya at pagtatrabaho sa isa sa mga kilalang accounting firm sa bansa.

Then came her eighteenth birthday. Si Duke ang napili niyang maging escort subalit hindi ito nagpaparamdam sa kanya kaya napilitan siyang pumili na lang ng ibang magiging escort, si Wendell Udarbe.

Masugid na manliligaw niya ang huli. He started courting her in college. Heartthrob ang lalaki sa school nila at hindi ito typical tall-dark-and-handsome type. Dahil mula sa isang Chinese family, medyo chinito at maputi ang lalaki. Pero maganda ang pangangatawan nito dahil active ito sa iba't ibang sports.

Gayunpaman, pinadalhan pa rin niya si Duke ng invitation para sa kanyang debut kahit na labis na ang pagtatampo niya rito.

On the night of her debut, gayon na lamang ang saya niya nang bumungad sa gate ang binatang Allegro. Malaki ang nagawa ng pananatili nito sa Maynila at pagtatrabaho sa pisikal nitong kaanyuan. Mas higit itong gumwapo at kumisig. He was a man every woman would want.

Pero higit siyang nasorpresa nang makita ang kasunod nitong babae na maagap na inalalayan nito.

Hindi pa siya nakaranas ng kahit anong sakit na higit sa naramdaman niya noon. Muntik na siyang umiyak sa harap ng kanyang mga bisita.

Maganda ang babaeng kasama nito. At may gana pa talaga ito na ipakilala sa kanya ang babae bilang girlfriend nito!

She was totally heartbroken and devastated that night. Maaga siyang nagpaalam sa mga bisita at umakyat sa silid niya. Dinahilan niya na lang na masakit na ang kanyang ulo at gusto niya nang magpahinga.

Pero nasaktan man siya, alam niyang wala siyang karapatang magselos. Wala silang relasyon ni ano pa mang kasunduan ng lalaki. She vowed to move on with her life and considered this painful moment a lesson not to give her heart to anyone.

“Sir...”

“Mario, ano’ng nangyari?” nag-aalalang untag ni Duke nang mabosesan ang lalaking inatasan niyang magbantay sa *Hacienda Alonzo* habang wala siya roon. Kadalasang siya ang tumatawag sa lalaki upang makibalita. Pero ngayong kabaligtaran ang kaso, nakaramdam siya na tila hindi magandang balita

ang hatid nito.

“Sir, dinala namin sa ospital si Don Andrade. Nanikip kanina ang dibdib niya.”

“Bakit, ano’ng nangyari?” Lalong tumindi ang pag-aalala niya.

“Ang sabi ni Martha, pinainom lang daw ng gamot ni Ma’am Rachelle si Sir. Pagkatapos n’un, nagsikip na ang dibdib ng matanda. Hindi daw makahinga...”

Nasapo ni Duke ang noo at napailing dahil sa narinig. Kailangan na niyang kumilos sa lalong madaling panahon.

“Kumusta na siya ngayon?” usisa pa niya.

“Bumuti-buti na ang lagay niya matapos naming isugod sa ospital, Sir. Pero kailangan n’yo nang umuwi dahil baka kung ano pa ang mangyari sa kanya habang wala kayo.”

Nanghihinang napaupo siya sa couch. Hindi pa niya nakukumbinsi si Samantha na magbalik sa hacienda. Heto at may panibago na namang problema. May hinala na siya sa mga nangyayari sa hacienda pero kailangan niya ang dalagang Alonzo para itama ang lahat.

“Sige, Mario. Muli kong susubukang kumbinsihin

si Samantha. Pero malapit na akong umuwi sa hacienda. Bantayan ninyong mabuti si Don Andrade. Maliwanag ba?”

“Yes, Sir.”

Matapos maibaba ang telepono ay dumungaw siya sa terrace kung saan tanaw niya ang bahay ng dalaga. Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya. Hindi niya alam kung paano mapapalambot ang puso ng babae at muli itong mapabalik sa hacienda.

Hindi na nagulat si Samantha nang maabutan si Duke sa bahay niya nang gabing iyon pagkarating niya buhat sa opisina. Ilang linggo na rin itong walang lubay sa pagkumbinsi sa kanya na umuwi na sa hacienda. At ngayon, heto na naman ang lalaki.

Tila galing din ito sa opisina dahil sa suot nitong long-sleeved polo na nakatupi ang manggas ng hanggang siko at loose ang necktie. Yet, he still looked so devilishly handsome.

Mabilis na ipiniksi ni Sam ang ideyang bigla na lang nabuo sa isipan niya.

“Well, you’re here again. For the same agenda, I

suppose?” matigas ang boses na bati niya.

“Yes,” seryoso nitong sagot. “Can we go to your library? I want us to talk in private.”

Kumibit-balikat na lang siya at nagpatiuna nang umakyat sa hagdanan. Kasunod niya si Duke.

Nang makarating sila sa silid ay seryosong hinarap siya ng lalaki. “Give me a valid reason why you don’t want to go back to *Hacienda Alonzo*, Sam. Convince me with your answer,” anito habang derechong nakatingin sa kanya.

“Nasabi ko na sa ’yo ang dahilan ko at hindi ko na kailangang ulitin pa.”

“I want to hear it again.”

“Fine!” singhal niya. Naupo siya sa isang solong upuan bago sinagot ang katanungan ng lalaki. “Wala na akong babalikan sa lugar na iyon. I have been living a good life for the past seven years without them in my life. Siguro naman ay kakayanin ko pa ring mabuhay nang higit pa sa pitong taon nang hindi sila kasama. Hindi ko habol ang kayamanan ng pamilya. Kung gusto nila, sa kanila na ’yun. Maayos na akong nabubuhay dito. Ayoko nang guluhin pa ang buhay ko. Masaya na ako sa buhay ko dito at kontento na ’ko.”

Katahimikan ang sumalubong kay Sam matapos niyang bitiwang ang mga salitang iyon. Matamang nakatingin lang sa kanya ang lalaki.

“Well?” pukaw niya rito.

“Yeah, you’re right, Sam. But please consider your dad. Kahit siya na lang ang isipin mo. He is too weak and sick. At hindi ako naniniwalang masaya at kontento ka na sa buhay mo.” Lumapit ito sa kanya. “Tingnan mo ako nang derecho sa mga mata at sabihin mo sa akin na masaya ka.”

Umiwas lang ng tingin si Sam.

“See? You can’t. C’mon, let’s not pretend. You can tell me what’s bothering you. Ano’ng pumipigil sa ’yo na bumalik sa Ilocos? Or rather, *sino* ang pumipigil sa ’yong bumalik?”

“It’s not what you’re thinking, Duke!” mabilis na turan ni Sam nang mapagwari ang nasa isip ng kaharap.

Iiling-iling na hinawakan nito ang baba niya. “Look at me, Sam, and tell me this is not because of Wendell!” matiim na utos ng binata.

Buong tapang na hinarap ni Sam ang tingin ni Duke. “No, Duke, this is not about Wendell. Ngayon,

kontento ka na ba?”

“Then, face them! Face Rachelle and Wendell kung talagang hindi sila ang dahilan kung bakit ayaw mong bumalik sa hacienda. Kahit para sa papa mo, please, Samantha.”

“Duke, you’re just wasting your time. Matagal nang buo at pirmi ang desisyon ko.” Tinalikuran niya ang binata upang humarap sa terasa.

Bagsak ang mga balikat na napaupo na lang si Duke sa isang sofa at tinitigan ang babaeng nakatalikod sa kanya. Ilang minutong katahimikan ang pumailanlang sa pagitan nila.

Hindi natinag si Sam sa kinatatayuan kaya ang binata na ang naunang bumasag sa katahimikang iyon. “I already bought two plane tickets,” sabi nito at saka inilapag sa mesa niya ang isa. Alam niyang nakikinig sa kanya ang babae kahit pa nakatalikod ito. “I’m going back to Ilocos...”

Pagkasabi niyon ay awtomatikong napaharap si Sam sa lalaki. “Well, that’s good news!” nakangiti niyang sambit.

“I’m leaving on Wednesday morning, ten o’clock. Aasa pa rin ako na magbabago ang isip mo.” Marahan itong lumapit kung kaya natulos siya sa kinatatayuan

niya habang kaharap si Duke.

“Huwag mo na ’kong asahan sa bagay na ’yan.”
Mataman siyang nakatingin dito.

Duke suddenly held her chin and forced her to look at him. Napatitig siya nang derecho sa mga mata nito. “I’m still hoping my sweet Samantha will be back.”

Natigilan siya. Nalito siya sa sinabi ng lalaki.

“I’ll be waiting at the airport sakaling matauhan ka at maisipan mong sumama sa akin pabalik sa Ilocos. Our flight is at ten o’clock.” Marahan nitong inalis ang kamay sa baba niya at tumalikod.

Naiwan siyang nakatayo lamang doon at walang masabi. Hindi niya alam kung paano babasahin ang nasa mga mata ng binata kanina. Tila may nais pa itong sabihin pero natitigilan lamang.

Ilang saglit pa siyang nanatili sa library makaraang makaalis si Duke. Buo pa rin ang paninindigan niya na hindi kailanman magbabalik sa hacienda!